
LEVEL 2

# Leveled Reader
in Filipino

# Tara na at Manghuli ng Tutubi!



Isinulat ni Sri Widyowati Kinasih
Iginuhit ni Nabila Adani



Tungkol sa kalikasan ang pinag-aaralan nina Trina sa klase. Sinabi ng kanilang guro na espesyal ang kanilang takdang-aralin sa pagtatapos ng linggo. Pag-aaralan nila ang mga insekto.



Sabik ang lahat ng mga mag-aaral. Agad silang naghanap ng kapares at sinimulang magplano para sa proyekto.



Magkapares sina Trina at
Sara.
“Magsaliksik tayo tungkol sa
tipaklong,” wika ni Trina.
Pero may ibang naisip na
insekto si Sara.



Nais ni Sara na obserbahan ang mga tutubi.



Napakagandang mga tutubi!



Nagustuhan ni Trina ang ideyang iyon. Napakaraming tutubi ang puwedeng makita at pag-aralan. Pinilit niyang abutin ang mga palipad-lipad na tutubi.

Oops!

Hindi niya ito mahuli.



Makahuli kaya siya ng kahit isa?





Tagumpay! Nakahuli si Trina ng isang tutubi sa kaniyang kamay. Ngunit nakikiliti ng mga paa ng tutubi ang kaniyang kamay. Natatawa siya kaya pinakawalan niya ang tutubi.



“Bakit hindi tayo gumawa ng lambat na panghuli?” ang tanong ni Sara.

Ngunit umiling si Trina. Nag-aalala siyang mapahamak ang mga tutubi kung gagamit sila ng lambat na panghuli.



Isang kaklase ang lumapit sa kanila.

“Panghuhuli ba ng mga tutubi? Alam ko kung paano sila hulihin!”



“Tingnan ninyo!” ang pagmamalaking sabi ng batang lalaki. Kinurot niya ang pakpak ng tutubi.
O, hindi! Maaari niyang masaktan ang tutubi.



Pinakawalan ng batang lalaki ang pakpak ng tutubi nang sinaway ito ni Trina. Hindi nito batid na maaaring makasakit iyon sa tutubi. "Yehey, nakalipad pa rin nang maayos ang tutubi," wika ni Sara.



“Tingnan mo, may sapot doon ng gagamba!” turo ni Trina. Nagbigay iyon sa kaniya ng bagong ideya.



“Gumawa tayo ng raketa!” pahayag ni Trina.
“Ngunit hindi kagaya niyan, Sara!”



“Pagkatapos, gamitin natin ang sapot ng gagamba para maging lambat ng panghuli natin ng tutubi.”



“Nagawa natin!” ang wika ni Trina.



“Mayroong apat na pakpak at anim na paa ang tutubi. Malalaki ang mata nito at maraming lente. Nabibilang ang mga tutubi sa insekto!”



“Lumipad ka, tutubi!
Salamat sa pagtulong sa
amin na maunawaan ka.”

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI INTERNATIONAL

The Asia Foundation